

Bakuna laban sa COVID-19: Mga Madalas Itanong (FAQs)

Sino ang kabilang sa unang pagbibigay ng bakuna?

Ang unang pagbibigay ng bakuna ay para sa mga nagtatrabaho sa hangganan at MIQ na saklaw ng kasalukuyang Kautusan sa Kinakailangang Pagsusuri (2020) (Required Testing Order) at ang mga kasambahay nila – 'mga sambahayang-kontak'.

Tumutukoy ito sa lahat ng mga manggagawa na kasalukuyang sumasailalim sa sapilitang pagsusuri para sa COVID-19 bilang bahagi ng kanilang trabaho. Ang mga manggagawang ito ay itinuturing na mga taong labis na nanganganib malantad sa COVID-19 araw-araw, kaya bilang isang prayoridad, kailangan natin silang protektahan at ang mga tao na kasambahay nila.

Kailan ko malalaman ang higit pa tungkol sa mga detalye ng pagbabakuna?

Ang detalyadong impormasyon tungkol sa mga lokasyon ng pagbabakuna, kailan ka malamang mababakunahan at paano mo aasikasuhin ang pagbabakuna sa iyo ay malapit nang maisaayos, at ikaw ay aabisuhan namin.

Sa sandaling mabakunahan, ako ba ay kailangan pa ring suriin?

Oo. Malinaw ang mga datos na mapoprotektahan ng mga bakuna ang mga tao laban sa mga epekto ng virus, gayunpaman, napakaaga pa para malaman ng mga mananaliksik kung maipapasa pa rin ang virus sa ibang tao ng isang tao na nabakunahan na. Habang hindi pa ito nalilininawan, kailangang ipalagay natin na may panganib pa rin ng pagpasa. Ibig sabihin nito ay ang sapilitang pagsusuri ng mga manggagawa sa ating hangganan at MIQ ay kailangang ipagpatuloy.

Kailangan ko bang maging maingat tungkol sa kalinisan matapos akong mabakunahan?

Mahalaga ring paalaala na ang mga bakuna ay hindi pamalit sa mabubuting mga gawi ng kalinisan na

paghuhugas ng mga kamay, pag-ubo at pagbahing sa singit ng iyong siko, pagsusuot ng mga mask o panakip sa mukha at iba pang mga pag-iingat, kabilang ang PPE.

Mapipigilan ba ng bakuna ang pagpasa ko ng virus sa ibang tao?

Hindi pa namin alam sa panahong ito. Alam namin na ang mabakunahan ay hindi mag-aalis ng pangangailangan para sa PPE, regular na pagsusuri, at pagpapatuloy ng iba pang mga pag-iingat.

Sino ang isang 'sambahayang-kontak'?

Ito ay sinuman na karaniwang kasambahay mo, kamag-anak mo man sila o hindi. Kabilang din dito ang mga tao na kasama mo sa bahay paminsan-minsan. Saklaw din nito ang papakainga.

Kailan mababakunahan ang aking mga sambahayang-kontak?

Ang mga sambahayang-kontak ay mababakunahan bilang bahagi ng unang pagbibigay ng bakuna, matapos mabigyan ng kanilang unang dosis ang mga manggagawa sa hangganan at MIQ.

Paano kokontakin ang aking mga sambahayang-kontak upang magsaayos ng kanilang pagbabakuna?

Mahalaga na magawa namin nang tama ang prosesong ito. Malapit na naming maayos kung paano namin kokontakin ang iyong mga sambahayang-kontak upang matiyak na makakakuha sila ng impormasyong kailangan nila upang maasikaso ang kanilang pagpapabakuna. Aabisuhan ka namin sa lalong madaling panahon.

Ligtas ba ang bakuna?

Hindi pa kailanman nagkaroon ng ganitong antas ng pandaigdigang pagtutulungan ng mga siyentipiko at pamahalaan sa pagbuo ng bakuna – at napabuti ang bilis ng pag-unlad nito at ang paglunsad ng mga klinikal na pagsubok (clinical trials) sa buong mundo.

**Unite
against
COVID-19**

New Zealand Government



Kami ay kumikilos nang mabilis ngunit hindi gumagawa ng anumang mga short cut o nagkokompromiso ng kaligtasan.

Ang mga kompanya ng bakuna ay nagbabahagi ng kanilang mga datos sa buong mundo, na nagpabilis sa proseso ng pananaliksik at humantong sa ilang mga inobasyon, gaya ng paggamit ng messenger RNA na teknolohiya.

Ang mga ahensya na nangangasiwa sa mga bakuna, katulad ng Medsafe ng New Zealand, ay nakapagsimulang magtasa ng mga datos ng mga klinikal na pagsubok nang mas mabilis kaysa sa karaniwan nilang nagagawa. Nakabuo na ng mga malalaking planta na pang-manupaktura, na nagpabilis sa paggawa ng mga bakuna at nang mas marami pa kaysa sa nakayanang gawin dati.

Kami ay patuloy pa ring tumatanggap ng mga datos mula sa malakihan, nagpapatuloy na mga klinikal na pagsubok, na nagbibigay-daan upang ma-monitor namin ang kaligtasan at bisa ng mga bakuna hanggang sa unang pagbibigay at patuloy na paggamit ng mga ito.

Lahat ng mga pagbabagong ito ay nangangahulugan na ang mga pag-apruba ng kaligtasan na noong dati ay inaabot ng mahabang panahon ay nangyari nang mas mabilis. Walang ginawang mga shortcut.

Mabisa ba ang bakuna laban sa mga bagong anyo ng virus?

Tinatasa ng Ministri ng Kalusugan ang pangunang mga datos mula sa ibang bansa tungkol sa maaaring maging epekto ng mga bagong anyo sa bisa ng bakuna. Nagpahiwatig ang ilang mga kompanya na sila ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa bakuna upang matiyak na gagana ang mga ito nang maayos – katulad ito ng regular na mga pagbabago na ginawa sa bakuna laban sa trangkaso.

Paano gumagana ang mga bakuna?

Gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng pagtuturo sa immune system (naturalesa) ng katawan na kagyat na tumugon sa impeksyon nang hindi nalalantad sa mismong impeksyon.

Ayon sa nakagawian, karamihan ng mga bakuna ay gumagana sa pamamagitan ng pagpasok ng binagong mga bersyon, o kaunting bahagi ng virus, sa immune

system, na nag-uudyok sa immune system ng katawan na tumugon sa pamamagitan ng paggawa ng panghadlang na antibodies kung kaya't kapag ikaw ay mahaharap sa tunay na impeksyon, ang iyong katawan ay handa na upang labanan ito.

Ang ilan sa mga bakuna laban sa COVID-19, gaya ng bakunang Pfizer, ay gumagamit ng ibang pamamaraan. Ang mga ito ay kilala bilang mga bakunang 'messenger RNA'. Ang mga bakunang ito ay hindi man lang gumagamit ng mga selula ng virus – sa halip, sila ay may taglay na piraso ng RNA code na talagang nagtuturo sa iyong katawan na kumilala sa virus, upang ito ay kagyat na makatugon kung ikaw ay mahahawahan.

Bawat bakuna ay may bahagyang pagkakaiba at may sarili nilang mga katangian. Ang mga partikular na impormasyon tungkol sa bawat bakuna ay makukuha sa pagkumpleto ng Medsafe sa mga proseso ng pag-apruba nito.

Makakapili ba ako kung aling bakuna ang ibibigay sa akin?

Hindi. Ang apat na bakuna na nakuha ng New Zealand ay sumasailalim sa proseso ng pag-apruba sa iba't ibang oras. Ang bakunang Pfizer lamang ang kasalukuyang bakuna na naaprubahan na ng Medsafe bilang ligtas at mabisa para gamitin sa New Zealand.

Karagdagang suporta at impormasyon

Kung ikaw ay dumaranas ng mga sintomas na maaaring kaugnay ng COVID-19, gaya ng panibagong sunud-sunod na pag-ubo, mataas na temperatura/lagnat o kawalan o pagbabago sa iyong karaniwang panlasa o pang-amoy, manatili sa bahay at magpasuri para sa COVID-19.

Kung hindi mo tiyak ang tungkol sa iyong mga sintomas o kung lumalala ang mga ito, tawagan mo ang Healthline sa **0800 358 5453**.

Kung ikaw ay kagyat na nag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan, tumawag sa **111**, at tiyaking sasabihin mo sa kanila kung ikaw ay nabakunahan na laban sa COVID-19 upang matasa ka nila nang wasto.

www.health.govt.nz/covid-vaccine

Unite
against
COVID-19

New Zealand Government

